[www.bvfa.ca](http://www.bvfa.ca)

# BOW VALLEY FOOD ALLIANCE

## Sino Kami

Ang Bow Valley Food Alliance (BVFA) ay isang rehiyunal na organisasyon ng mga nagmamalasakit na mga mamamayan at mga propesyunal na may dedikasyon sa pagpapahayag ng kahalagahan ng pagkain. Ang BVFA ay tumutukoy sa mga paksa patungkol sa kung paano makakahanap ng abot-kaya, masustansya, at sariwang pagkain sa maayos na pakikipag-ugnayan mula sa kontinental na hinati mula sa mga paanan hanggang sa pasilyo ng Ilog ng Bow (Bow River) [mula sa Lake Louise, ID9, Banff, Canmore, Exshaw, MD of Bighorn hanggang sa Morley at sa Stoney Nakoda Nations).

Dahil sa pagsuporta ng Bayan ng Banff, ang usapin ay nagsimula taong 2013. Nagkaroon ng isang pormal na grupo na gumawa ng hakbang noong 2016. Taong 2020, ang BVFA ay naging isang malayang samahan na hindi-pangkalakal upang mapabuti ang paglilingkod sa iba't ibang mga pangangailangan nitong natatanging lambak at mga komunidad.

Ang BVFA ay sumusuporta sa mga maliliit at lumalagong lokal na mga magsasaka, mga rantsero, at mga nagpoproseso ng mga pagkain. Hinihikayat ng BVFA ang patas at pananatili ng mga gawi sa lahat ng anggulo sa sistema ng pagkain. Sa pagkilos na ito, mapapalakas namin ang koneksyon ng komunidad sa pagkain at maabot ang maunlad, malusog, maka- kapaligiran at maka-panlipunang komunidad.

## Ang Aming Misyon

Kami ay isang samahan na nakatuon ang pansin sa paglikha ng lokal na sistema para sa pagkain na masustansya, may pantay na katayuan para sa lahat, tumutulong, iba't iba at madaling malapitan. Ang mga sistemang ito para sa pagkain ay nakabatay sa kasiglahan ng mga rehiyunal na ekonomiya, pagalang sa mundo at sa kapaligiran, pagkakasundo, mga kaalaman mula sa iba't ibang generasyon, pagbabago ng sistema at edukasyon.

**Ang Aming Ginagawa**

1. **Pag-uugnay sa mga tao** – pinangungunahan at pinalalakas ang interaksyon ng mga tao, inaalam ang mga pangangailangan at mga puwang sa komunidad, at lumilikha ng mga aksyon at napapanahong mga pagkilos upang mapag-usapan; pagbubuklod sa mga tao, pagsisimula sa kung ano ang naroon na.

2. **Pagtutugma ng mga kakayahan** – upang magamit nang maayos ang lahat ng ating pinagkukunan, magkaroon ng akses sa pondo, at mga pagkakataon na magboluntaryo.

3. **Pagsusulong para sa pagbabago** - pagkakaroon ng iisang boses para sa pagbabago ng mga patakaran, paghamon sa kasalukuyang katayuan halimbawa: ang paniniwala na ang pagkakaroon ng akses sa abot-kaya at masustansyang pagkain ay limitado lamang sa Bow Valley

4. **Nagtuturo** – pagdadagdag sa kamalayan at kaalaman sa malawakang komunidad; paglilingkod bilang mga eksperto para sa pagseguro ng mga pagkain sa komunidad.

5. **Nagpapasigla ng pagkilos** – pangunguna sa pamamagitan ng halimbawa, pagbibigay ng kasiglahan, at pagpapalakas sa mga pinuno ng komunidad, paglilikha ng matutularang halimbawa.

TULONG NA PAGKAIN NG BOW VALLEY

Ang Bow Valley Food Alliance ay kumikilos kasama ng mga kahanga- hangang mga samahan at mga mamamayan na tumutulong magbigay ng mga serbisyo sa pagkain sa ibayo ng lambak. Ang mga mapagkukuhanang ito ay para sa mga kasapi ng komunidad ng Bow Valley. Nais naming matiyak na ang bawat isa ay mapaglilingkuran, anuman ang inyong kalagayan. Batid namin na ang paghingi ng tulong para sa pagkain ay nagbibigay ng hindi matiwasay na pakiramdam, subalit umaasa kami na aming mabubura ang kaisipang ito sa dahilang lahat tayo ay karapat- dapat na makatanggap ng sariwa, masustansya at mga abot- kayang pagkain sa lambak.

Kung ikaw ay may madaliang pangangailangan, maaari kang tumawag sa mga sumusunod:

- Canmore: fcssadmin@canmore.ca or call 403-609-3743 upang makahingi ng mga pagkain sa panahon ng biglaang pangangailangan
- Banff Resource: help@banff.ca o 403-762-1251
- Lake Louise: info@improvementdistrict9.ca
- MD of Bighorn: 403-673-3611

Tumawag sa 211 at ito ay palagiang bukas 24/7 upang maka *akses* sa komunidad at mga impormasyong makakatulong para sa mamayan

Banff Food Bank
Nagkakaloob ng mga pagkain tuwing Martes simula 12-1 ng hapon sa Banff Park Church (455 Cougar Street). Nang dahil sa COVID-19, nagkaroon ng bagong patakaran, na ang mga kliyente ay makakahingi ng mga pagkain kada linggo sa halip na kada buwan.

Banff Food Rescue
Pinapanatili na hindi maaksaya ang mga pagkain. Matatagpuan sa 215 Banff Ave. (Sa ibaba ng Sundance Mall). Bukas tuwing Lunes, Miyerkules, at Biyernes simula 6:00 – 7:00 ng gabi. Ang bawat isa ay makakakuha ng naigayak nang isang supot ng mga prutas at mga gulay. Mungkahing donasyon $5.00.
Tumatanggap ng ***e-transfers*** sa banff.food.rescue@gmail.com. Ang ating Facebook Page ay Banff Food Rescue. Ang ating *website* ay www.banfffoodrescue.ca . Magboluntaryo gamit ang *link* na ito http://signup.com/go/47XmSw

Banff Park Church Community (Pananghaliang handa na)
Nagkakaloob ng mga luto ng chili na may kasamang tinapay ( walang gluten at may mapagpipiliang pagkain para sa mga kumakain lamang ng gulay) maaaring kuhanin tuwing Martes simula 12-1 ng hapon sa Banff Park Church (455 Cougar St.). Initin lamang muli at maaari nang kainin. Ang aming website : https://banffparkchurch.com/community/

Bow Valley Food Bank (BVFB)
Nagkakaloob ng mga pagkain sa panahon ng biglaang pangangailangan. Tumawag sa 403.678.9488 tuwing Lunes o Miyerkules. Ang mga araw ng pagkuha ng mga pagkain ay tuwing Martes at Huwebes simula 12-1 ng hapon at simula 6-7 ng gabi. Kung nais mong ipakuha ang iyong pagkain sa iyong kaibigan o kapitbahay, ipaalam lamang sa BVFA ang kanilang pangalan sa iyong pagtawag.

Bow Valley Good Food Box
Ito ay isang programa sa bawat komunidad na nagkakaloob ng 20-25 libra ng mga sariwang prutas at gulay na inihahatid kada buwan sa pinaka sentrong lugar ng pamamahagi sa halagang $30 (ang mga may mababababang sahod o mga naapektuhan ng COVID-19 na indibiduwal/mga pamilya ay maaaring magbayad ng $25). Kung ang halagang $25 ay magiging hadlang upang umorder ng pagkain, pakiusap, tumawag sa 403.675.3000 upang mapag-usapan ang iba pang mga mapagpipiliang gawin. Maaaring kuhanin sa Lake Louise, Banff, Canmore, MD of Bighorn at Kananaskis. Magpatala dito : http://bowvalleypcn.ca/Features/Pages/Good-Food-Box-Article.aspx.
Facebook group:
https://www.facebook.com/groups/576418086522202

Canmore Filipino Canadian Society
Nagkakaloob ng mga pagkaing angkop sa kultura at pangangailangan ng mga pamilya ng mga Filipino -Canadian sa Bow Valley. Makipag-ugnayan kay Arlene sa canmorefilipinocanadiansociety@gmail.com o sa pamamagitan ng
Facebook group
: https://www.facebook.com/groups/CanmoreFilipinoCanadianSociety

Canmore Food Recovery Barn

Dahil sa malawakang pagpapahalaga sa kapaligiran kumpara sa isang tipikal na imbakan ng pagkain, ang CFRB ay kumukuha ng mga maaari pang mapakinabangang pagkain sa mga tindahan ng groseri at iba pang tindahan na nagpapamahagi ng mga pagkain. Ang pagkuha ng supot ng mga pagkain ay tuwing Martes at Huwebes simula 5:30 hanggang 6:00 ng gabi sa Valley Lutheran Church (1205 1 Ave) sa Canmore. Sa kasalukuyan, kami ay naglunsad ng programa sa pagkuha ng mga supot ng pagkain at kinakailangan ang pagpapatala nang maagabago ang pagkuha dito sa : https://www.signupgenius.com/go/5080f44afad22a2f85-food

Mungkahing donasyon ng $5. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang https://canmorefoodrecoverybarn.weebly.com/our-mission.html

Filipino-Canadian Community Association in the Rockies (FORM)

Nagkakaloob ng mga naaangkop na mga pagkain at binibigyang prayoridad ang mga malalaking pamilya, mga nag-iisang magulang, mga indibiduwal at mga pamilya na nakabukod sanhi ng pandemya at mga taong naghihintay ng tulong mula sa gobyerno. Pakitawagan ang 403-497-4483 o Scorpion62jun@yahoo.com.ph upang makahingi ng tulong sa mga pagkain.

Canmore Food and Friends Night

Nagkakaloob ng lingguhang handa nang mga pagkain na may donasyon sa pagkuha sa St. Michael Anglican Church (709 7 St, Canmore) tuwing Lunes simula 5-7 ng gabi. Hinihikayat naming kayo ay magdala ng inyong sariling lalagyan kung maaari. Makipag-ugnayan sa foodandfriends@gmail.com para sa iba pang pagpipilian ng paghahatid ng pagkain.

Meals on Wheels

Ang “Meals on Wheels” ay nagkakaloob ng mga bagong luto, masusustansya at mga abot -kayang pagkain para sa mga matatanda, mga taong may kapansanan, o hindi makakilos at para sa ibang hindi makapaghanda ng sariling pagkain. Ang mga lutong pagkain ay inihahatid bawat araw tuwing tanghalian at nagkakahalaga ng $6.00/kada pagkain. Pakiusap na tumawag sa FCSS sa 403-678-7136 o mag email sa lu.douce@canmore.ca para sa karagdagang impormasyon o upang magpatala. Kung magiging hadlang ang halaga sa pagbili ng pagkain mula sa Meals on Wheels, pakitawagan ang opisina ng FCSS upang ito ay mapag-usapan.

Banff Food & Friends (Bago!)

Simula sa Disyembre 14, 2020, ang *Banff Food and Friends* ay magkakaloob ng lingguhang handa nang mga pagkain na may donasyon para kuhanin sa St. George-in-the-Pines (100 Beaver St, Banff) tuwing Lunes. Ang mga karagdagang detalye ay aming ipababatid nang madalian!

What’s For Dinner (ang programa ay pansamantalang itinigil)

Masustansya at abot-kayang mga handa nang pagkain ang ihahatid kada linggo. Kabilang ang mga sangkap at mga paraan ng pagluluto para sa 3 hapunan, mapapakain ang 4 na tao sa halagang $30 (ang may mababang sahod o mga naapektuhan ng COVID-19 na mga indibiduwal/mga pamilya ay magbabayad ng $25). Magpalista dito : https://pauwfoundation.com/whats-for-dinner/

YWCA

Ang YWCA Banff ay nagkakaloob ng mga pagkain na pantulong sa mga residente ng Bow Valley, at mga serbisyo na nagbibigay suporta sa karahasang pantahanan/sekswal at mga serbisyo para sa kawalan ng tirahan, kabilang dito ang mga:

- Mga Pagkain
- Mga Kard para pang groseri
- Iba pang mga pangunahing pangangailangan